

## Alamin ang iyong mga karapatan

Ang mga migranteng manggagawa at mga may hawak ng visa ay may parehong mga karapatan sa pinagtatrabahuhan tulad ng lahat ng iba pang mga manggagawa sa Australya. Ang mga ito ay protektado ng batas. Ang Fair Work Ombudsman ay nagbibigay ng libreng serbisyo, at makakatulong sa iyo na maunawaan ang iyong mga karapatan habang nagtatrabaho sa Australya. Kabilang dito ang:

- Minimum na halaga ng sahod
- Iba pang mga minimum na kondisyon sa trabaho, kabilang ang bakasyon o pagliban sa trabaho
- Mga proteksyon sa trabaho, kabilang ang karapatang hindi makaranas ng diskriminasyon

Dapat sundin ng lahat ng mga taga-empleyo ang mga batas na ito. Halimbawa, hindi sila maaaring magbayad nang mas mababa pa kaysa sa minimum na halagang itinakda ng batas, kahit na sumasang-ayon pa dito ang manggagawa.

Para sa impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa pinagtatrabahuhan, maaari mong bisitahin ang **www.fairwork.gov.au**, o makipag-ugnayan sa Fair Work Ombudsman sa pamamagitan ng pagtelepono sa **13 13 94**. Kung kailangan mo ng interpreter, kontakin ang Translating and Interpreting Service (Serbisyo sa Pagsasalin at Pag-iinterprete) sa **13 14 50**.

**Para sa karagdagang impormasyon o kumpidensyal na payo, mangyaring makipag-ugnayan sa Australian Red Cross.**

**T.** 03 9345 1800
**E.** national_stpp@redcross.org.au
**W.** redcross.org.au/workrighthub

*This Modern Slavery grant activity received grant funding from the Australian Government.*



Australian Red Cross



# Ang makabagong pang-aalipin ay nangyayari sa Australya

Ang malubhang pagsasamantala sa trabaho ay isang krimen sa Australya. Kung ikaw o isang taong kilala mo ay sinasamantala sa trabaho, may tulong na makukuha.

Lahat ng mga manggagawa sa Australya ay may mga batayang karapatan na protektado ng batas. Saklaw ng mga batas na ito ang lahat ng manggagawa kabilang na ang mga manggagawa mula sa ibang bansa, gaano man katagal ang kanilang pamamalagi sa Australya o uri ng kanilang visa.

## Dapat kang tratuhin nang patas sa trabaho



Sa Australya, ang **makabagong pang-aalipin** ay tumutukoy sa isang hanay ng malubhang mga gawi na mapagsamantala, na sumisira sa kalayaan ng isang tao at sa kaniyang kakayahang magpasya para sa kaniyang sarili. Kasama sa mga gawing ito ang pangangalakal ng mga tao, pang-aalipin, pagkaalipin, sapilitang pagpapakasal, sapilitang pagtatrabaho, pagkakatali sa utang, ang pinakamalalang mga uri ng pagtatrabaho ng mga bata, at mapanlinlang na pagrekluta para sa pagtatrabaho o mga serbisyo.

Ang **pangangalakal ng mga tao** ay nangyayari kapag ang isang tao ay nirekluta o ibiniyahe nang may panlilinlang, banta o pamumuwersa para sa layuning mapagsamantalahan. Maaaring mangyari ito sa anumang industriya kabilang na ang industriya ng agrikultura, hospitalidad, konstruksyon, paglilinis at seks.

Ang **sapilitang pagtatrabaho** ay anumang trabaho na sapilitang ipinagawa sa isang tao nang labag sa kaniyang kalooban o nang may bantang kaparusahan.

Ang **pagkaalipin** ay nangyayari kapag hindi itinuturing ng isang tao ang kaniyang sarili na malaya upang huminto sa pagtatrabaho o umalis sa trabaho, dahil sa mga pagbabanta, pamimilit o panlilinlang; at ang tao ay lubos na pinagkakaitan ng kaniyang personal na kalayaan sa kaniyang buhay sa labas ng trabaho. Ang **pagkaalipin sa tahanan** ay nangyayari sa konteksto ng trabaho sa tahanan, kapag ang mga kalagayan at kondisyon ay katumbas ng mga gawing pang-aalipin.

Ang **pagkakatali sa utang** ay nangyayari kapag ang mga personal na serbisyo ng isang tao ay ginagamit bilang pambayad ng utang at ang halagang inutang o sinasabing inutang ay labis-labis, o ang dami ng trabahong ginagawa ng tao upang bayaran ang utang ay hindi makatwiran.

## Mga palatandaan ng pagsasamantala

- Pinipilit na magtrabaho
- Pagtatrabaho nang maraming oras nang walang sapat na pahinga
- Walang kontrol sa kaniyang kinikita
- Nagbabayad ng malaking utang sa recruiter o tagapag- empleyo para sa pagbiyahe, paninirahan, damit, pagkain, transportasyon o mga dokumento sa trabaho
- Hindi magawang lisanin ang iyong lugar ngtrabaho o makipagkasundo sa mga kondisyon
- Ginigipit o pinagbabantaan sa trabaho, gaya ng pagsasabi sa iyo na idedeport ka o sasaktan ang mga kapamilya mo
- Hindi makuha ang iyong pasaporte o iba pang mga dokumento ng pagkakakilanlan
- Hindi magawang makipagkita sa doktor o magpagamot ng karamdaman

## Kung ikaw ay nagtatrabaho sa bahay ng isang tao, may mga palatandaan din ng pagsasamantala:

- Hindi kailanman o bihirang makalabas ng bahay para sa personal na mga kadahilanan
- Pinahihintulutan lamang na lumabas ng bahay kung may pangangangasiwa ng taga-empleyo
- Hindi pinapayagang makipag-ugnayan sa pamilya o mga kaibigan
- Kinukuha ang iyong telepono
- Pinapatulog sa lugar na may kasama o hindi naaangkop at walang magamit na anumang pribadong lugar
- Dumaranas ng mga insulto, panlalait, pang-aabuso o karahasan
- Dumaranas ng kakulangan sa tulog at pagkain



## May makukuhang tulong

Ang Red Cross ay nagbibigay ng payo at suporta, at maaari kang isangguni sa ibang mga serbisyo para sa tulong. May makukuhang mga serbisyo ng interpreter.

**Tumawag sa 03 9345 1800 o mag-email sa national_stpp@redcross.org.au**

Mayroon ding **programa ng suporta** na tumutulong sa mga tao upang makabawi at buuing muli ang kanilang buhay. Ang programa ay tumutulong sa mga tao na makahanap ng isang lugar na ligtas upang manirahan, nagbibigay ng suporta upang makakuha ng pangangalaga sa karamdaman, pagpapayo at payo sa batas at migrasyon, pinansiyal na suporta, tulong sa edukasyon at pagsasanay o paghahanap ng trabaho, at mga ugnayang panlipunan. Maaari kang bigyan ng Red Cross ng karagdagang impormasyon tungkol sa programang ito.

Ang gawaing ito ay pinondohan ng Department of Social Services (Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan) sa ilalim ng Support for Trafficked People Program (Suporta para sa Programa sa Pangangalakal ng mga Tao).

Para sa **libre at kumpidensyal na payo sa batas**, kontakin ang Anti-Slavery Australia (Kontra sa Pang-aalipin sa Australya) sa **02 9514 8115** o **mag-email sa ASALegal@uts.edu.au**

Kung ito ay isang emerhensiya o may banta sa kaligtasan ng isang tao, tawagan ang pulisya sa **000**. Para magsumbong ng posibleng kaso ng makabagong pang-aalipin, tawagan ang Australian Federal Police (Pampederal na Pulisya ng Australya) sa **131 237**.

Kung may batang nasasangkot sa pangyayari, maaaring obligadong magsumbong ayon sa mga batas sa proteksyon ng bata.